


Arts

Ikalawang Markahan – Modyul 1: Ang Magandang Kalikasan



Arts – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 1: Ang Magandang Kalikasan
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Esther E. Cadayona

Editor: Armando O. Aguilon, Jr., Neal Keith Gonzales, Reynaldo Deocampo,
Arcel Gacasan

Tagasuri: Aiden L. Nuesca, Romeo A. Mamac, Menard M. Arenas,
Gloria C. Sabanal, Cee Jae Q. Darunday

Tagaguhit: John Bill Juen / Edgardo Pamugas III

Tagalapat: Edgardo D. Pamugas III

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Reynante A. Solitario

Mary Jeanne B. Aldeguer

Janwario E. Yamota

Analiza C. Almazan

Djhoane C. Aguilar

Ma. Cielo D. Estrada

Maria Perpetua Angelita G. Suelto

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Arts

Ikalawang Markahan – Modyul 1:
Ang Magandang Kalikasan

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay pupukaw sa iyong kaisipan at damdamin upang maipakita ang iyong pagmamahal sa ating kapaligiran. Ang mga pintor ay nakabuo ng kanilang obra gamit ang iba't ibang kulay na isa sa mga mahalagang gamit para sa likhang-sining. Iyong malalaman na ang pagkakahalo-halo ng iba't ibang kulay o **color harmony** ay nakapagbibigay buhay sa iyong likha batay sa mga elemento sa pagguhit gaya ng linya, hugis, at tekstura.

Iyong makikita na mayroong pagkakabagay-bagay sa kapaligiran sa pamamagitan ng kulay ng mga tanawin sa iba't ibang panahon

Ang mga kulay sa ating kapaligiran ay naaayon sa oras at panahon. Iyong mapapansin ang paligid na medyo malamig at kung titingnan ay malamig din sa iyong mga mata. Masasabi mo na ang panahon ay umaga. Kapag makikitang maliwanag, makulay, at maaliwalas ang paligid ito ay nagsasabi na tanghali. Kung makulimlim naman, ito ay nagpapahiwatig na dapit-hapon o gabi na ang panahon.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Natututong maghalo ng mga kulay mula sa pangunahing kulay, pangalawang kulay at sa pangatlong kulay;
2. Nakabubuo ng gulong ng mga kulay;
3. Nakaaalam ng komplementaryong kulay sa **color wheel**;
4. Nailalabas ang iyong talento sa pagpinta; at
5. Natututong gumamit at maghalo ng mga kulay upang magkabagay ang isang tanawin sa pagpinta at maipakita ang kawili-wiling kapaligiran sa iba't ibang panahon (**A3EL-IIa**).




Subukin


Panuto: Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B. Kilalanin mula sa Hanay B kung anong kulay ang mabuo kapag pinaghalo ang sumusunod na kulay sa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

Hanay A


1. Pula at Asul




2. Asul at Dilaw




3. Dilaw at Pula



4. Dilaw at Dalandan o kahel




5. Dilaw at Berde




Hanay B


a. Dilaw na Berde




b. Dalandan o kahel




c. Dilaw na Dalandan o kahel



d. Lila



e. Berde



Aralin

1

Ang Magandang Kalikasan


Ang pagpipinta ay isang gawaing gumagamit ng pintura at **brush** upang maipahayag ang ideya at emosyon. Ang isang tanawin ay ating masasabi kung anong panahon ito sa pamamagitan ng mga kulay na ginamit. Kung ang panahon ay maaraw ating mapapansin ang larawan ay maliwanag o maaliwalas. Kapag naman ang panahon ay parang umuulan, parang bagyo o kaya'y dapit hapon ating mapapansin ang larawan ay madilim at malamig kung ating tingnan. Mayroong iba't ibang paraan sa pagpipinta, isa sa mga ito ay **resist technique**. Sa paggawa ng resist technique ay maaari tayong gumamit ng **crayon**, kandila o **wax** sa pagguhit ng mga larawan upang hindi mapintahan ang bahaging ito habang kayo ay nagpinta gamit ang **water color**, **jovus** o pintura. Iyong tandaan na kailangan ang mga komplementaryong kulay sa pagpinta.



Balikan

1. Ano-ano ang pangunahing kulay?

Kung nakalimutan mo, isipin mo at tumingin ka sa watawat ng ating bansa. Dito mo makikita ang mga pangunahing kulay.



2. Paano mo mabubuo ang mga pangalawang kulay? Ang mga pangatlong kulay?



Tuklasin

1. Maghanda ka ng pintura , joyus o water color na kulay pula, asul, at dilaw.



Pula



Asul



Dilaw


2. Maghanda ng anim na lagayan ng kulay, maaaring gamitin ang takip ng bote ng **mineral water o soft drinks** para paghaluan ng iba't ibang kulay.



Pula



Asul



Dilaw



Dalandan



Lila



Berde

3. Kailangang magkapareho ang dami ng kulay na iyong hahaluin para lumabas ang inaasahang kulay.



4. Paghaluin mo ang sumusunod na kulay. Isulat ang bagong kulay na nabuo sa sagutang papel.

a. dilaw	+	dalandan o kahel	=	_____
b. pula	+	dalandan o kahel	=	_____
c. pula	+	lila	=	_____
d. asul	+	lila	=	_____
e. asul	+	berde	=	_____
f. dilaw	+	berde	=	_____
g. pula	+	lila	=	_____



Suriin



pula

+



asul

=



lila




asul

+



dilaw

=



berde



dilaw

+



pula

=





dalandaan

Ang kulay pula, asul, at dilaw ay mga pangunahing kulay. Ang nabuong mga kulay mula sa pangunahing kulay ay tinatawag na pangalawang kulay. Ito ay lila, berde, at dalandaan. Ang mga pinaghalong kulay mula sa pangunahing kulay at pangalawang kulay ay tinatawag na pangatlong kulay. Ito ay ang dilawang-dalandaan, pula't dalandaan, pula't lila, asul-lila, asul-berde, at dilaw na berde.

Mayroong labindalawang kulay ang gulong ng mga kulay. Nabubuo ito sa pamamagitan ng paghahalo-halo mula sa mga pangunahing kulay.

Tingnan ang **color wheel**. Ang magkatapat na kulay ay tinatawag na **complementary colors**.






Pagyamanin

Panuto: Punan ng tamang salita ang patlang upang mabuo ang kaisipan ng pangungusap. Tingnang mabuti ang color wheel o gulong ng mga kulay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang komplementaryong kulay ng pula? Lila? Asul?
2. Mas lalong tumitingkad ang isang pinta kapag ginagamitan ng _____ colors. Ito ay tinatawag na resist technique.
3. Gumawa ng sariling color wheel sa isang malinis na papel. Kulayan ng angkop na kulay ang labindalawang bahagi nito.





Isaisip

1. Ang tatlong pangunahing kulay ay pula, asul, at dilaw.
2. Mabubuo ang pangalawang kulay sa pamamagitan ng paghahalo sa dalawang pangunahing kulay. Ito ang mga kulay na dalandan, lila, at berde. Samantalang ang pangatlong kulay naman ay mula sa pinaghalong pangunahin at pangalawang kulay.
3. Maaari kang makabuo ng gulong ng mga kulay.
4. Ang magkakatatapat na kulay sa color wheel ay tinatawag na complementary color.
5. Matutong gumamit at maghalo ng mga kulay upang maibagay ang isang tanawin sa pagpinta at maipakita ang kawili-wiling kapaligiran sa iba't ibang panahon. Narito ang ilang halimbawa ng larawan galling sa batikang pintor.



Painting of Farmers in Ricefield

Pinagmulan: <http://philippinesreport.com/lifestyle-culture-philippines>

Ipininta ni : Fernando Amorsolo



Isagawa

Kaya mo bang gawin?

1. Lumabas ka sa iyong bahay. Tingnan mo ang iyong paligid.
2. Tingnan ang color wheel upang malaman ang mga komplementaryong kulay na dapat gamitin sa pagpinta.
3. Ihanda ang mga kagamitan kagaya ng papel o **Oslo paper, brush, crayon, water color, jovus, o poster paint** kung mayroon kang pintura ay maaari mo itong gamitin.
4. Maghanda rin ng lumang diyaryo para pansapin sa ilalim ng iyong papel.
5. Sa paggawa ng **resist technique** dapat ang crayon ang gamitin sa pagguhit ng mga larawan.
6. Simulan mong iguhit ang magagandang tanawin sa iyong kapaligiran gamit ang crayon.
7. Pintahan ang mga larawan na natapos mong ginuhit gamit ang water color, jovus o pintura. Pagkatapos ay makita mo kung ano ang epekto sa paggamit ng resist technique sa pagpipinta. Ang bahaging mayroong crayon ay makikita mo ang resist effect o hindi mapintahan.
8. Gawin mong inspirasyon ang **landscape painting** ng iba't ibang pintor. Pagkatapos, sulatan mo ito ng pamagat.

Bigyan mo ng puntos ang iyong natatapos na gawain sa pamamagitan ng rubrik.


Rubrik	Nakikita	Hindi masyadong nakikita	Kailangang paunlarin
Puntos	20	15	10
1. Nagagamit ang mga komplementar-yong kulay na makikita sa color wheel.			
2. Kaaya-aya ang likhang-sining na nagpapakita ng isang panahon.			
3. Kakikitaan ng paraan sa pagpinta gamit ang resist technique.			
4. Nakawiwiling tingnan ang likhang sining na pagpipinta.			




Tayahin

Panuto: Iguhit sa **coupon bond** at kulayan ang sumusunod na larawan nang naayon sa nakasulat na panahon gamit ang mga komplementaryong kulay.


1. Gabi




2. Dapithapon



3. Umaga



4. Tanghali



5. Tanghali





Karagdagang Gawain

Kumuha ka ng isang malinis na papel o bond paper.
Gayahin mo sa pagpinta ang isang magandang larawan na
ipininta ng isang batikang pintor na si Fernando Amorsolo.



Painting of Farmers in Ricefield

Pinagmulan: <http://philippinesreport.com/lifestyle-culture-philippines>

Ipininta ni : Fernando Amorsolo



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1. D 2. E 3. B 4. C 5. A	Pagymanin 1. Pula – berde - Lila - dilaw - Asul – dalandan 2. Complementary 3. **Isang punto sa bawat bahagi na may wastong pagkulay	Tayahin Gamitin ang rubrik sa pahina 8.
---	---	---

Sanggunian

MAPEH 3, Department of Education. Kagamitan ng Mag-aaral pp. 146-149.

Amit, Adolfo S., Canor, Larry, Castro, Benjamin M., Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C., Montañez, Cynthia T. 2014, 2016, 2017 *Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc., 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Amit, Adolfo S., Canor, Larry, Castro, Benjamin M., Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C., Montañez, Cynthia T., 2015, *Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph